# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

**ARALING PANLIPUNAN IV**

# MODYUL 19

# ANG PILIPINO SA PAMBANSANG KAUNLARAN

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

# MODYUL 1

## ANG PILIPINO SA PAMBANSANG KAUNLARAN

Ikaw ay nasa ika-19 modyul na. Sa puntong ito ay mayroon ka nang ganap na kaalaman sa mga programang pangkaunlaran ng Pilipinas na naglalayon na tugunan ang iba't ibang isyu at suliraning pangkaunlaran na kinakaharap ng ating bansa. Maaari mong magamit ang mga batayang konsepto sa Ekonomiks upang maunawaan ang mga aspekto ng ekonomiya ng Pilipinas. Ikaw din ay may matibay na paggagap na sa konsepto ng kaunlaran at ang iba't ibang salik na nakakaapekto sa kaunlaran ng isang bansa tulad ng Pilipinas na iyong nabatid sa Modyul 17.

Ngunit, alam mo ba ang bahaging iyong gagampanan sa kaunlaran ng iyong sarili at ng ating bansa? Sa modyul na ito mo malalaman ang iba't ibang stratehiya na maaari mong gamitin upang makatulong sa kaunlaran ng iyong sarili at ng bansang Pilipinas.

May tatlong araling inihanda para sa inyo sa modyul na ito:

- ☐ Aralin 1: Kalayaan sa Kakapusan
- ☐ Aralin 2: Sama-Samang Pagkilos Para sa Pambansang Kaunlaran
- ☐ Aralin 3: Mga Kwento ng Pag-asa

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Mailarawan ang iba't ibang paraan na maaaring magawa upang makatulong sa pansarili at pambansang kaunlaran;
2. Matukoy ang bahaging gampanin sa pansarili at pambansang kaunlaran;

3. Mapahalagahan ang mga stratehiya at plano para sa pansarili at pambansang kaunlaran;
4. Makapagplano para sa pansarili at pambansang kaunlaran; at
5. Matukoy ang mga aral na maaaring matutuhan sa iba't ibang kwento ng pag-asa.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.




**PANIMULANG PAGSUSULIT:**

I. Panuto: Basahin ang mga sumusunod na tanong. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Alin sa mga sumusunod ang pinakamahalagang ari-arian ng isang tao?
   A. puhunan.
   B. sarili.
   C. lupa.
   D. pamilya.

2. Ang kakapusan ay nararanasan ng lahat.
   A. Tama, dahil laging kulang ang pera para sa pangangailangan.
   B. Tama, dahil ang kakapusan ay bahagi ng buhay
   C. Mali, ang isang tao ay maaaring hindi kapos dahil gumagastos lamang siya batay sa kanyang pantustos.
   D. Mali, ang mga mayaman ay hindi nakakaranas ng kakapusan.

3. Ang pagbabayad ng buwis ay __________
   A. Obligasyon sa pamahalaan.
   B. Bayad ng tao sa mga serbisyong panlipunan.
   C. Pagpapahirap ng pamahalaan sa taong bayan.
   D. Pinagkukunang yaman.

4. Alin sa mga sumusunod ang tamang paglalarawan ng pag-iimpok (savings)
   A. Kita (Income) – gastusin (expenses).
   B. Kita = impok.
   C. Kita + kita = impok.
   D. Kita – impok = gastusin.

5. Ang kita sa negosyo ay kitang personal ng may-ari ng negosyo
   A. Tama, sa tubo kumikita ang negosyante.
   B. Tama, hindi nya kailangang bayaran ang kanyang sarili.
   C. Mali, iba ang bayad sa sarili at iba ang tubo sa negosyo.

D. Mali, ang tubo sa negosyo ang bayad niya sa kanyang sarili.

6. Alin sa mga sumusunod ang tamang paggastos ng kita?
   A. Pagbili ng mga pangangailangan.
   B. Magsubi ng ilang porsyento ng kita bilang impok bago gastusin ang kita sa mga kagustuhan.
   C. Ilagak ang lahat ng ktia sa negosyo.
   D. Magsubi ng ilang porsyento ng kita bilang impok bago gastusin ang kita sa mga pangangailangan.

7. Alin sa mga sumusunod ang dapat na maging batayan ng pagkwenta ng dapat kitain sa pagnenegosyo at investment
   A. Inflation rate.
   B. Interest rate.
   C. Floating rate.
   D. Exhange rate.

8. Alin sa mga sumusunod ang hindi tunay na asset
   A. Bahay at lupa.
   B. alahas.
   C. appliances.
   D. Time deposit.

9. Ang lahat ng uri ng utang ay nagpapahirap.
   A. Tama, hindi dapat mangutang dahil ito ay mali.
   B. Tama, ang may utang ay mahihirapan sa pagbabayad ng interes.
   C. Mali, pwedeng mangutang upoang ipambayad ng utang.
   D. Mali, may mga utang na kailangan upang mapalago Ang negosyo o investment.

10. Ang susi sa paglaya sa kakapusan ay
    A. Ang matalinong pamamahala ng iyong kita.
    B. Pagbili ng mga assets.
    C. Magpautang upang tumubo.
    D. Pagtitipid.

11. Alin sa mga sumusunod ang hindi makakatulong sa sama-samang paglaya sa kakapusan?
    A. Pagboto ng matalino.
    B. Pagsali sa kooperatiba.
    C. Paggawa.
    D. Pagbabayad ng buwis

12. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng hindi matalinong pamamahala ng kita?
    A. Pagbayad muna sa sarili.
    B. Pag invest.
    C. Pagbili ng assets.
    D. Pagtaas ng sweldo.

13. Alin sa mga sumusunod ang hindi elemento ng tagumpay?
    A. Support.
    B. Vision.
    C. Strategy.
    D. Confidence

14. Ang kalayaan sa kakapusan ay nagpapakita ng
    A. Kakayahan na tustusan ang mga pangangailangan.
    B. Kakayahan na tustusan ang mga kagustuhan.
    C. Kakayahang magnegosyo.
    D. Kagustuhang mag retiro.

15. Ilang porsyento ng iyong kita bawat buwan ang iyong dapat itabi bilang impok?
    A. 20%.
    B. 15%.
    C. 10%.
    D. 5%.

16. Tinaguriang Entrepreneur of the Year dahil sa mahusay na pamamahala sa Jollibee
    A. Henry Sy.
    B. Tony Tan Caktiong.
    C. Lucio Tan.
    D. John Gokongwei.

17. Aling investment ang may pinakamaliit na panganib?
    A. Mutual Fund.
    B. Dollar Deposit.
    C. Stock Trading.
    D. Savings Deposit.

18. Ano ang pinakaunang problema ng gma Pilipino?

A. Kakapusan.
C. Kawalan ng trabaho.
B. Maliit na sweldo.
D. Pagbaba ng halaga ng piso.

19. Aling Lungsod sa Pilipinas ang kinilala sa kanyang mabilis, matalino, at kakaibang pag-unlad na hinangaan ng daigdig?

A. Manila.
C. Davao City.
B. Cebu City.
D. Naga City.

20. Ano ang naging susi sa pag-unlad ng Lungsod na ito?


A. People Power.
C. Local Investment.
B. Foreign Investment.
D. Peace and Order

**ARALIN 1**

**KALAYAAN SA KAKAPUSAN**



Ang araling ito ay tumatalakay sa iba't ibang stratehiya na maaaring mong magamit para sa pansariling pag-unlad upang maging malaya sa suliranin ng kakapusan.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Matutukoy ang iba't ibang stratehiya na maaari mong magamit upang makamit ang kalayaan sa kakapusan;
2. Mapahalagahan ang mga stratehiya na magpapalaya sa kakapusan; at
3. Magsagawa ng pansariling plano upang maging malaya sa kakapusan.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Kausapin ang iyong ina at ama upang masagot ang sumusunod na gawain. Punan ang sumusunod na tsart.

**KITA AT GASTUSIN NG PAMILYA**

| **KITA** | | **GASTOS** | |
|---|---|---|---|
| **Saan galing ang kita ng pamilya sa isang buwan?** | **HALAGA** | **Saan napupunta ang kita ng pamilya? Anu-ano ang mga gastusin sa isang buwan?** | **HALAGA** |
| HAL. SWELDO SA TRABAHO | P8, 000.00 | UPA SA BAHAY | P 3,000.00 |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| **TOTAL/KABUUAN** | | | |

**Sagutin ang mga sumusunod na tanong:**

1. Sapat ba ang kita sa gastos?
2. Lagyan mo ng tsek ang mga gastusin sa bahay na hindi maaaring ipagpaliban dahil pangangailangan (needs).
3. Lagyan mo ng ekis (x) ang mga gastusin sa bahay na maaaring ipagpaliban ang paggastos dahil hindi naman pangangailangan kung mga kagustuhan (wants).
4. Sa mga nilagyan mo ng tsek, alin ang maaari mong tipirin? Magkano ang magiging halaga ng bawat gastusin kung magtitipid?
5. Alisin mo ang lahat ng may ekis, magkano ang kabuuan ng iyong matitipid sa isang buwan?
6. Kung sa unang pagsasagawa ng gawain ay walang makitang matitipid ay pag-aralan muli ang sinulat sa tsart. Piliting pag-isipan kung saan maaaring makatipid.

Ayon sa isang eksperto sa paghawak ng pera o tinatawag na financial management specialist na si G. Francisco J. Colayco, "kaya ng bawat isa ang maging malaya sa kakapusan. Kung ikaw ay kumikita, mayroon kang pagkukunan ng puhunan at ito ay kaya mong palaguin. Kailangan lang ay mag-umpisa ka na agad." Nailagay sa ating kaisipan na mahirap maging mayaman ang mga mahirap. Ang pagiging mahirap daw ay bigay ng tadhana o kaya naman ay kawalan ng swerte. Ito ang uri ng mga paniniwala na dapat alisin upang maging malaya sa kakapusan.

Ayon kay G. Colayco, ang pagkita ng salapi at pagpapalago ng kita ay magkasing-halaga. Ang dapat daw nating matutunan ay ang magplano sa pamamahala ng ating kita. Ayon sa kanya dapat nating tandaan ang mga sumusunod:

- Alamin ang iyong pangangailangan sa hinaharap.
- Paghandaan at alamin ang mga wastong paraan upang makamit ang perang sa sagot sa iyong pangangailangan.
- Ibagay o baguhin ang iyong pangangailangan para sumang-ayon sa iyong kakayahan.

Kailangangang ating tandaan na ang kayaman ay ang pagkakaroon ng salapi na pangtustos sa oras ng ating pangangailangan. Ang ating pangangailangan araw-araw ang magtatakda kung ano ang sapat na kayamanang akma para sa atin. Ang ating pangangailangan sa araw araw ay dapat iakma sa ating kakayahan. Dapat tayong mamuhay kung ano lamang ang ating kaya.

Ayon kay Colayco mayroon daw apat na antas ng ating kakayahan sa pananalapi:

1. **Antas ng Pag-uumpisa** – ibig sabihin ang lahat ng iyong kita ay galing sa iyong sariling oras at pagod. Ang pinaka-unang dapat mong gawin ay maghanap ng pagkakakitaan. Ang iyong sariling lakas at talento ang iyong unang puhunan kung kaya dapat mong pagyamanin ang iyong sarili dahil ito ang una mong puhunan.

2. **Antas ng Pagpapalaki ng Kita** – Narating mo na ang antas na ito kung nagtatrabaho ka pa rin ngunit 20% ng iyong kabuuang kita ay nanggagaling na sa interes ng iyong ipon o kita ng napamuhunang pera.
3. **Antas ng Pagkakaroon ng Kita Galing sa mga Ari-arian (Assets)** – Narating mo na ang antas na ito kung nagtatrabaho ka pa rin ngunit 30-60% ng iyong kabuuang kita ay nanggagaling sa interes ng iyong naipon o kita ng napamuhunang pera.
4. **Antas ng Pagreretiro** – Narating mo na ang antas na ito kung 100% ng iyong kita ay nanggaling na sa interes ng iyong naipon o kita ng iyong napamhuhunang pera kugn kaya maaari ka nang hindi maghanap-buhay.

Ang mga antas na ito ay hindi nakabatay sa gulang ng tao. Maaring bata pa ay marating na ang antas ng pagreretiro dahil sa matalinong pamamahala ng pera. Maaari rin namang kahit matanda na ay hindi pa ito makarating sa pinaka mataas na antas. Hindi rin masasabing huli na ang isang tao kung siya ay magsisimula sa matalinong pamamahala ng kanyang pera kugn siya ay matanda na. Walang pinipili itong edad.

**Mga Hindi Dapat Gawin sa Pamamahala ng Kita**

1. Hindi dapat paghaluin ang perang personal sa pera ng negosyo. Ibig sabihin, bayaran mo ang iyong sarili bilang namamahala ng iyong negosyo at iba ang kita na ito sa kita mo bilang may-ari ng negosyo.
2. Huwag pumasok sa anumang negosyo na walang sapat na kaalaman.
3. Huwag umutang upang ipambayad sa utang. Maaari kang umutang upang magnegosyo ngunit hindi dapat mangutang upang ipambayad sa utang.
4. Huwag masilaw sa mataas na interes ng iyong pera na ipupuhunan. Pag-aralan ang negosyong papasukan. Huwag ilagak ang salapi ng walang pagsusuri.
5. Huwag gastusin ang iyong kita sa iyong paghahanap-buhay at mga “sideline” sa mga tinatawag na “wants” o mga bagay na gusto lamang ngunit hindi naman kailangan. Ang kita sa paghahanap-buhay o negosyo

ay dapat na ginagastos lamang sa iyong pangangailangan o “needs” at pag-iimpok.

6. Huwag maging padaskol-daskol sa iyong paggastos. Alamin kung ano ang iyong “needs” at iyong “wants”. Iakma mo ang iyong pamumuhay sa iyong kakayahan.

**MGA DAPAT NA GAWIN SA UPANG LUMAYA SA KAKAPUSAN AYON KAY G. Colayco**

1. **Una mong bayaran ang iyong sarili.** Magtalaga ka kung ilang porsyento ng iyong kita ang ibabayad mo sa iyong sarili. Baguhin ang iyong pagkakaunawa kung ano ang ibig sabihin ng “SAVINGS” o pag-iimpok. Maling sabihin na ang savings ay: INCOME – EXPENSES = SAVINGS. Ang tamang kahulugan ng savings ay: INCOME – SAVINGS = EXPENSES. Gastusin lamang kung magkano ang matitira sa kita matapos maisubi ang tinalagang impok o bayad sa sarili.

   **Ang pinakaimportanteng mong ari-arian ay ang iyong sarili. Kaya dapat ang sarili mo ang una mong bayaran. Ito ang payo ni G. Colayco.** Hindi mahirap ang ganitong pamumuhay. Kailangan lamang ay disiplina. Unahin ang mag-ipon bago gumastos! Ang pag-iimpok ay hindi lamang para sa malaki ang kita. Maliit man o malaki ay makapagtatabi ka kung magiging disiplinado ka lamang.
2. **Itabi ang 20% ng iyong kita buwan buwan.** Itabi ang kalahati ng iyong 20% na impok bilang “emergency fund”. Ibili mo ang natitirang kalahati ng iyong impok ng insurance, pension, savings o investment plan mula sa matatag na kumpanya lamang.
3. **Iwasan ang pagbili ng gamit na nawawalan ng halaga.** Isipin at aralin bago bumili. Bumili ng ari-arian, bawasan ang iyong utang dahil ito ay nagbabawas ng iyong pera.
4. **Siguraduhin na ang iyong “investments” ay kumikita ng higit sa “inflation rate.** Ang Treasury Bills at Dollar deposits sa bangkong mapagkakatiwalaan ay ang pinakawalang panganib na “investments” na pwedeng paglagakan ng salapi.

5. **Alagaan mo ang iyong kakayahang kumita.** Proteksyunan mo ang iyong sarili. Alagaan mo ang iyon gkalusugan dahil ang iyong katawan ang kauna-unahan mong puhunan. Pagyamanin mo ang iyong karunungan.




**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Gumawa ng personal financial plan. Punan ang sumusunod na tsart:

| **Halaga ng Tinatarget na Kita sa Isang Buwan** | **Impok sa Araw-Araw** | **Pagkukunan ng Kita** | **Mga Pagkilos na Isasagawa** |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| **Halaga ng Tinatarget na Kita sa 3 Buwan** | **Impok sa Araw-Araw** | **Pagkukunan ng Kita** | **Mga Pagkilos na Isasagawa** |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| **Halaga ng Tinatarget na Kita sa Isang Taon** | **Impok sa Araw-Araw** | **Pagkukunan ng Kita** | **Mga Pagkilos na Isasagawa** |
| | | | |
| | | | |
| | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |



**Tandaan Mo!**

- ☐ Ang bawat isa ay may kakayahang maging malaya sa kakapusan.
- ☐ Ang susi sa paglaya sa kakapusan ay ang matlinong pamamahala ng iyong pananalapi.
- ☐ Ang unang pagbabayad sa sarili ay isang stratehiya upang makalikha ng impok na maaaring gamitin sa pag invest.
- ☐ Mahalagang malaman kung anong antas ng personal na pananalapi ang kasalukuyang kinalalagyan upang makapagsagawa ng planong pinansyal.



**Gawain 3: Paglalapat**

Kausapin ang mga magulang. Ipaliwanag sa kanila ang natutuhang mga stratehiya sa pamamahala ng pananalapi. Kumbinsihin ang iyong mga magulang na magsagawa ng pagbabago sa gastusin sa bahay batay sa mga sinasabi ni G. Colayco na dapat gawin.

Gumawa ng Buwanang Listahan ng Kita at Gastusin na batay sa prinsipyo ng pagbabayad muna sa sarili ng 20% ng buwanang kita.

| KITA NG PAMILYA SA ISANG BUWAN | HALAGA |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| TOTAL | |

| | HALAGA |
|---|---|
| **20% NG KITA NA IMPOK** | **?** |
| | |
| **KITA – 20% NA IMPOK** | **?** |
| | |
| | |

1. MAGKANO ANG HALAGA NG NATIRANG PERA NA GAGAMITIN SA MGA GASTUSIN? ______________________________
2. GUMAWA NG PLANO PARA SA MGA GASTUSIN. ISAGAWA ANG PLANO SA LOOB NG ISANG BUWAN.
3. ITALA SA SUMUSUNOD NA TSART KUNG SAAN NAPUNTA ANG PERA PARA SA GASTUSIN SA LOOB NG ISANG BUWAN.

| GASTUSIN | HALAGA |
|---|---|
| UPA SA BAHAY | P 3,000.00 |
| | |
| | |
| | |
| | |


1. Naipatupad ba ang plano ng gastusin?

2. Naitabi ba ang impok na 20%?
3. Aling mga gastusin ang naalis dahil sa 20%?
4. Naging mahirap ba ang pag-iimpok?
5. Sa iyo bang palagay ay mahalaga at maaaring maisagawa ang stratehiyang ito?
6. Magbigay ng limang paraan kung paano maaari pang makapagtipid para maka-impok.

**ARALIN 2**

**SAMA-SAMANG PAGKILOS PARA SA PAMBANSANG KAUNLARAN**


Ang araling ito ay tatalakay sa ilang mga stratehiya upang maging malinaw ang mga gampanin ng bawat isa upang mapaunlad ang Pilipinas.


Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Matutukoy ang iba't ibang gampanin ng bawat isa bilang mamamayang Pilipino upang makatulong sa pag-unlad ng bansa;
2. Mapahalagahan ang mga bahaging gampanin sa pag-unlad ng Pilipinas; at
3. Makapagsagawa ng isang pagpaplano kung paano makapag-ambag bilang mamamayan sa pag-unlad ng bansa.


**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Magbigay ng limang paraan kung paano ka makakatulong sa pag-unlad ng Pilipinas. Buuin ang sumusunod na pangungusap:

Upang makatulong ako sa pag-unlad ng aking bansa, ako ay:

1. ______________________________________________

2. ______________________________________________

3. ______________________________________________

4. ______________________________________________

5. ______________________________________________


Hindi uunlad ang isang bansa kung hindi tutulong ang kanyang mga mamamayan. Bawat isa ay may bahaging gampanin sa pag-unlad ng bansa. Maaaring ang pagbibigay ng kontribusyon sa pag-unlad ng bansa ay sa pamamagitan ng pansariling pagsisikap o sama-samang pagtutulungan. Ang paglaya sa kakapusan ng bawat isa ay isang paraan na maaaring gawin ng isang indibidwal sa pamamagitan ng matalinong pamamahala ng pananalapi. Ang paglaya sa kakapusan ay hindi magiging sapat upang umunlad ang bansa. Kailangan ng sama-samang pagkilos ng lahat ng mamamayan.

Maaaring gawin ang mga sumusunod bilang ilan sa mga stratehiya na makakatulong sa pag-unlad ng bansa:

1. **Tamang pagbabayad ng buwis.** Ang pagkakaroon ng kultura ng tamang pagbabayad ng buwis ay makakatulong upang magkaroon ang pamahalaan ng sapat na halagang magagamit sa mga serbisyong panlipunan tulad ng libreng edukasyon, murang programang pangkalusugan, at iba pa;
2. **Makialam. Ang mali ay labanan, ang tama ay ipaglaban**. Paglaban sa anomalya at korupsyon maliit man o malaki sa lahat ng aspekto ng lipunan at pamamahala. Mahalagang itaguyod ng mga mamamayan ang kultura ng pagiging tapat sa pribado at publikong buhay. Hindi katanggap-tanggap ang pananahimik at pagsasawalang kibo ng mamamayan sa mga maling nagaganap sa loob ng bahay, sa komunidad, sa paaralan, pamahalaan, at sa trabaho.
3. **Bumuo o sumali sa kooperatiba**. Ang pagiging kasapi ng kooperatiba ay isang paraan upang magkaroon ng pagkakataon ang bawat isa na maging kasapi sa

paglikha ng yaman ng bansa. Ang kooperatiba ay ang pagsasama-sama ng puhunan ng mga kasapi upang magtayo ng negosyo na makikinabang at tatangkilik ay mga kasapi rin. Ang kanilang kita ay sa pamamagitan ng pagkakaroon ng dibidendo o hati sa kita batay sa bahagi sa kooperatiba. Ang nagpapatakbo ng kooperatiba ay mga kasapi rin na naniniwala sa sama samang pag-unlad.

4. **Pagnenegosyo**. Hindi dapat manatiling manggagawa lamang ang Pilipino. Dapat nating sikapin na maging negosyante upang tunay na kontrolado ng Pilipino ang kabuhayan ng bansa at hindi ng mga dayuhan.
5. **Pakikilahok sa pamamahala ng bansa**. Ang aktibong pakikilahok sa pamamahala ng barangay, gobyernong lokal at pambansang pamahalaan upang maisulong ang mga adhikain at pangangailangan ng mga Pilipino ay kailangang gawin ng bawat mamamayan upang umunlad ang bansa.
6. **Pagtangkilik sa mga produktong Pilipino**. Ang yaman ng bansa ay nawawala tuwing tinatangkilik natin ang dayuhan produkto. Dapat nating pagsikapan na tangkilikin ang gma produktong Pilipino.
7. **Tamang pagboto**. Ugaliing pag-aralan ang mga programang pangkaunlaran ng mga kandidato bago pumili ng iboboto. Dapat din nating suriin ang mga isyung pangkaunlaran upang masuri kung sinong kandidato ang may malalim na kabatiran sa mga isyung pangkaunlaran ng ating bansa.
8. **Pagpapatupad at pakikilahok sa mga proyektong pangkaunlaran sa komunidad**. Ang pag-unlad ay hindi magaganap kung ang pamahalaan lamang ang kikilos. Maaaring manguna ang mga mamamayan sa pagbuo at pagpapatupad ng mga programang pangkaunlaran. Dapat ay magkaroon tayo ng malasakit sa ating komunidad upang makabuo at makapagpatupad ng mga proyektong magpapaunlad sa ating komunidad.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Ikaw ay gagawa ng imbentaryo ng mga paraan na matagumpay na naisagawa ng iyong pamilya sa pagtugon ng mga suliraning pangkabuhayan na inyong naranasan. Pag-isipan mo ang mga paraan na naging matagumpay. Punan ang sumusunod na tsart:

| **SULIRANING PANGKABUHAYAN NA NARANASAN NG PAMILYA** | **TAON NG KAGANAPAN** | **PAMARAAN NA ISINAGAWA UPANG MASOLUSYUNAN ANG SULIRANIN** | **NAGING EPEKTO** |
|---|---|---|---|
| **1.** | | | |
| **2.** | | | |
| **3.** | | | |
| **4.** | | | |
| **5.** | | | |

Sagutin ang sumusunod na katanungan:

1. May mga paraan ba na naisagawa ang inyong pamilya na katulad ng mga paraan na tinalakay sa araling ito? ________________________________

   ________________________________________________________________
2. Maari kayang magamit ang mga paraan na nabanggit sa araling ito sa pagtugon sa mga suliraning kinaharap ng inyong pamilya? Paano? ______

   ________________________________________________________________
3. Ano kaya ang naging susi sa matagumpay na paggamit ng mga paraang iyong sinulat sa tsart? ____________________________________________

   ________________________________________________________________



**Tandaan Mo!**

- ☐ Bawat isa ay bahaging ginagampanan sa pag-unlad ng bansa.
- ☐ Hindi sapat ang indibidwal na pagkilos upang mapaunlad ang bansa. Kinakailangan ang pakikilahok sa sama-samang pagtugon sa pambansang suliranin.
- ☐ Ang mga suliraning pangkabuhayan ay matutugunan sa pamamagitan ng pulitikal, kultural, sosyal, at pang-ekonomikong paraan.



**Gawain 3: Paglalapat**

Basahin ang mga sumusunod na sitwasyon. Sagutin ang mga tanong.

1. Nawalan ng hanapbuhay ang iyong mga magulang. Dahil sa kawalan ng naipon na pera para sa mga sitwasyong ganito ay laging nag-aaway ang iyong mga magulang. Sila ay nagsisisihan at nagsusumbatan kung sino ang may mali. Kapwa sila nawalan ng lakas ng loob. Ang tatay mo ay natutong uminom ng alak habang ang nanay mo naman ay naglalabada upang may panggastos sa araw araw. Ano ang yong gagawin? Magbigay ng limang hakbang na iyong maisasagawa na nagpapakita ng paglalapat ng mga natutuhan mo sa mga nakaraang aralin.

A. ____________________________________________

B. ____________________________________________

C. ____________________________________________

D. ____________________________________________

E. ____________________________________________

2. Ang inyong kapitbahayan ay magulo, maingay, at maraming tambay. Maghapong nagsusugal ang mga kababaihan. Sila ay nagbabakasakali na swertihin at mayroon silang maipandagdag sa gastusin sa bahay. Ang mga kalalakihan naman at mga tambay at nag-iinuman magdamag. Ang mga bata naman ay pinababayaan sa paglalaro maghapon sa kalsada dahil sa masisikip ang mga bahay. Ang mga kabataan ay maagang nagsisipag-asawa dahil sa maagang pagbubuntis. Ang mga ilan na nakatapos ng pag-aaral ay hindi makakuha ng trabaho. Ano ang maaaring magawa upang mapabuti ang lugar na ito? Magbigay ng limang hakbang na iyong maisasagawa na nagpapakita ng paglalapat ng mga natutuhan mo sa mga nakaraang aralin.

   A. ______________________________________________
   B. ______________________________________________
   C. ______________________________________________
   D. ______________________________________________
   E. ______________________________________________

3. Mahirap ang buhay sa inyong lalawigan. Isa ito sa pinakamahirap na probinsya sa Pilipinas. Karamihan ng tao ay magsasaka o kaya ay mangingisda. Ang iyong pamilya ay nakikisaka lamang dahil wala naman kayong pag-aaring lupa. Ang mga kapatid naman ng iyong nanay at tatay ay sumasama-sama naman sa pangingisda. Kaunti lang ang paaralan. Kailangang maglakad ng mga mag-aaral ng limang kilometro papunta sa kanilang paaralan. Mahirap ang tubig at ilaw sa inyong lugar. Ano ang maaaring magawa ng isang kabataang tulad mo sa ganitong lugar? Magbigay ng limang hakbang na iyong maisasagawa na nagpapakita ng paglalapat ng mga natutuhan mo sa mga nakaraang aralin.

A. ____________________________________________

B. ____________________________________________

C. ____________________________________________

D. ____________________________________________


E. ____________________________________________

**ARALIN 3**

**MGA KWENTO NG PAG-ASA**



Ang araling ito ay magbabahagi ng mga kwento ng tagumpay na naranasan ng mga Pilipino sa pagtugon sa mga suliraning pangkabuhayan. Matutukoy sa mga sumusunod na kwento ang mga kaalamang iyong napag-aralan sa mga nakaraang aralin na naging gabay sa tagumpay ng mga tao sa likod ng mga tatatalakaying kwento ng tagumpay.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Masuri ang mga salik na nakakatulong sa matagumpay na pagtugon sa pangkabuhayang suliranin;
2. Mapapahalagahan ang mga kwento ng tagumpay na naranasan sa pamamagitan ng indibidwal at sama-samang pagkilos; at
3. Matukoy ang mga pamaraang maaaring magamit para sa tagumpay.




**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Ang mga sumusunod ay mga Pilipinong naging matagumpay sa buhay sa kabila ng kanilang kahirapan. Paghambingin ang Hanay A sa Hanay B.

| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
|  LUCION TAN | a. Isa siyang tagawalis ng kalsada sa Naga, Camarines Sur. Mula sa kanyang maliit na kita ay napag-aral niya ang kanyang mga anak hanggang makatapos sa kolehiyo. Walong taon matapos ang kanyang mga anak sa kolehiyo ay nag-aral siya at sa edad na 54 ay nakatapos ng isang degree sa kolehiyo. |
|  HENRY SY | b. Anak ng mahirap na mekaniko at tagabalot ng sabon. Pinanganak siya sa mahirap na pamilya sa Tondo. Ninais niyang mag0duktor nang magkasakit ang kanyang ina at hindi mapagamot dahil sa kahirapan. Naglabada, namalantsa, at naglako ng mga damit ang kanyang ina upang siya ay mapagparal ng medisina. Nagsikap siya sa kanyang pag-aaral. Siya ay kilalang duktor at senador. |

| | |
|---|---|
| Tony Tan Caktiong | c. Pinakamayamang negosyanteng Pilipino na nagmamay-ari ng Asia Brewery, Allied Bank, Philippine Airlines, at Fortune Tobacco. Siya ay galing sa mahirap na pamilya mula sa Amoy, Fujian, China. Siya ay nagtrabaho habang nag-aaral upang msduportahan ang kanyang pamilya. |
| MANUEL VILLAR | d. May-ari ng Jollibe. Tinagurian Best Filipino Entrepreneur. Pinanganak siya sa Davao. Sa tatay niyang tagaluto natutuhan ang masarap na pagkain at pagiging mapagkumbaba. Matapos ang kanyang pag-aaral sa kolehiyo ay nagtayo siya ng tindahan ng ice cream. Naisipan niyang samahan ito ng spaghetti at tinawag niya ang kanayang tindahan na Jollibee. Ang bee o bubuyog ay kilala sa pagiging masipag. Naniniwala din siya na dapat maging masaya ang tao sa kanyang trabaho, Ito ang dahilan kung bakit Jollibee ang kanyang tinawag sa |

| | |
|---|---|
| | kanyang tindahan. Bagaman may papasok sa Pilipinas na kilala sa daigidg na fast food chain, pinangatawan niya na making kakumpetensiya ang kanyang negosyo ng mas kilalang fastfood na ito. Sa kasalukuyan ang Jollibee ang pinaka mabiling fastfood sa Pilipinas. |
|  JUAN FLAVIER | e. Nanggaling sa mahirap na pamilya. Nagtinda sa palengke upang mapa-aral ang sarili. Nagnegosyo sa “real estate” na nagbebenta ng murang bahay para sa mga mahihirap. Siya ang may-ari ng Camella Homes |
| ROSARIO ESTANISLAO | f. Siya ang may-ari ng SM Malls. Nagmula sa isang mahirap na pamilya mula Xiamen, China. Nagpunta siya sa Maynila sa edad na 12 upang makita ang kanyang ama. Napaluha siya ng Makita ang ama sa mahirap na kalagayan. Naglako siya ng sapatos na kanyang napalago bilang shopping mall. |

Matapos mong paghambingin ang mga larawan at mga kwento ng buhay ay basahin mo ang sumusunod na kwento ng sama-samang tagumpay:

Nuong nakaraang labing-anim na taon, ang Lungsod ng Naga ay tinuturing na isa sa pinkamahirap na lugar sa Pilipinas. Mayroon itong kakulangan na P1 milyong piso, bawal na pasugalan, at 20% ng kanyang populasyon ay maituturing na mahirap.


Sa pamumuno ni Mayor Jesse Robredo, ang Naga ay umunlad. Ang kanyang Per Capita Gross Produc at 115% na mas mataas sa pamabansang Per Capita Product. Ang kanyang ekonomiya ay lumalaki ng 6.5% kada taon.

Sabi ni Mayor Robredo, ang susi sa pag-unlad ng Naga ay ang sama-samang pagkilos ng kanyang mga mamamayan. Nagsagawa sala ng People Empowerment Program sa Naga. Ang bawat mamamayan mula sa magsasaka, street vendor, mahirap, mayaman, mayroon o walang pinag-aralan ay isinama sa konsultasyon kung paano patatakbuhin ang lokal na pamahalaan, gagastusin ang buwis, at ano ang mga proyektong panglungsod na itataguyod. Dahil sa People Empowerment Program na ito ay nagkaroon ng damdamin ang mga taga Naga na sila ang nagpapatakbo ng kanilang Lungsod at hindi lamang ang mga opisyal ng pamahalaan.

Dahil sa pakikilahok ng taong bayan ang Lungsod ng Naga ay nagtamo ng mga pandaigdigan at pambansang pagkilala dahil sa kanilang kakaibang pamamahala ng kanilang Lungsod.

Sagutin: Magbigay ng limang aral na maaaring matutuhan sa iba't ibang mga kwento ng tagumpay na ito.

1. ______________________________
2. ______________________________
3. ______________________________
4. ______________________________
5. ______________________________



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Ayon kay Dr. Stephen Krauss, dapat dawn nating tandaan ang limang elemento ng tagumpay.

1. VISION – marapat daw na ating tukuyin kung ano ang gusto nating marating sa buhay.
2. STRATEGY – upang matupad natin ang ating panagarap sa buhay ay dapat daw na mayroon tayong malinaw na plano at tunguhin.
3. PAGTITIWALA SA SARILI – kailangan nating magkaroon ng paniniwala sa sarili nating kakayahan. Dapat nating alamin ang mga magaganda nating katangian na tutulong sa atin upang makamit natin ang ating pangarap sa buhay.
4. PAGTITIYAGA – “Kung may tiyaga, may nilaga.” Ito ang kasabihan na dapat nating tandaan. Ang mga kasawian natin sa buhay ay dapat na hindi maging dahilan upang panghinaan ng loob. Ipagpatuloy natin ang pagtitiyaga dahil ito ay susi sa tagumpay.
5. PAGTUWID SA PAGKAKAMALI – Kailangang matuto sa mga naging mali ng hakbang at isagawa ang mga pagtatama sa pagkakamali.

May mga maidaragdag ka bang elemento na iyong natutuhan sa mga kwentong iyong nabasa sa modyul na ito? Magbigay ng tatlo:

1. ______________________________________________________________

______________________________________________________________

2. ______________________________________________________________

______________________________________________________________

3. ______________________________________________________________

______________________________________________________________



**Tandaan Mo!**

- ☐ Hindi sagabal ang kahirapan upang maging matagumpay sa buhay.
- ☐ Maaring indibidwal o sama-samang pagkilos ang susi sa tagumpay.
- ☐ Ang tagumpay ay hindi batay sa swerte kundi batay sa ilang mgahakbang na maaaring gawin ng indibidwal o grupo.

**Gawain 3: Paglalapat**



Alin sa mga kwento ng tagumpay ang nakatawag sa iyong pansin? Magbigay ng limang aral na iyong natutuhan sa kwento ng tagumpay na iyong napili na nais mong isagawa.

1. ______________________________________
2. ______________________________________
3. ______________________________________
4. ______________________________________
5. ______________________________________



## MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO

Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, ano ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan?

- Hindi sagabal sa paglaya sa kakapusan ang kahirapan.
- Ang susi sa paglaya sa kakapusan ay ang matalinong pamamahala ng kita.
- May mga stratehiyang indibidwal o kolektibo upang maging matagumpay.
- Dapat italaga ng tao ang kanyang pangarap sa buhay upang mapag-isipang mabuti ang tamang stratehiya upang makamit ito.
- Nasa kamay ng tao ang kanayang paglaya sa kakapusan.



**PANGHULING PAGSUSULIT:**

Panuto: Basahin ang mga sumusunod na kwento at sagutin ang mga tanong:

**# 1**

Si Belinda ay supervisor sa PLDT. Maaga siyang nag-retiro sa edad na 50 dahil sa mas malaki ang inaalok ng kumpanya na kabayaran sa mga maagang nagreretiro. Nakatanggap siya ng P 1.5 milyon sa kanyang 30 taong pagtatrabaho sa kumpanya.

Minsan ay inalok siya ng kanyang kapwa nagretiro sa PLDT na ilagay ang kanilang pera sa isang investment na magbibigay sa kanila ng P15,000 tubo bawat buwan sa  P1 milyong pera na ilalagak sa negosyo. Dahil sa laki ng tubo ay naengganyo si Belinda na maglagay ng P 1 milyon.

Nakatanggap siya ng P15,000 sa unang limang buwan ngunit makalipas ang limang buwan ay sinabihan sila ng investor na nalugi ang negosyo kaya hindi na makapagbibigay sa kanila ng tubo sa perang kanilang sinali sa negosyo.

Tanong:

1. Tama o Mali ba ang pagpasok ni Belinda sa negosyo? ________________________

Magbigay ng tatlong dahilan kung tama o mali ang pagsali ni Belinda sa negosyo.

2. ________________________________________________________________
3. ________________________________________________________________
4. ________________________________________________________________

**# 2**

Dahil sa pagkawala ng pera na kanyang nakuha sa kanyang pagretiro, nawalan ng loob si Belinda at hindi na ito lumabas ng bahay.

Isang araw ay kinausap siya ng kanyang asawa na si Jun na magbukas na lamang sila ng negosyo sa palengke. Magtitinda sila ng itlog at mantika upang mapagkunan nila ng kanilang ipapa-aral sa kanilang anim na anak.

Minabuti ni Belinda na tumigil na lamang sa bahay at asikasuhin ang bahay habang ang mag-aama ang nagbabantay sa binuksan nilang tindahan. Namuhunan sila ng P10,000 sa itlog at may tubo silang P15.00 sa bawat kahon ng itlog na kanilang maibenta, at P 5.00 sa bawat lata ng mantika na kanilang maipagbibili. Sa bawat araw ay nakapagbebenta sila ng 20 kahong itlog at 10 latang mantika. Ang gastos nila sa isang araw ay P400.

Unti-unting naubos ang puhunan ni Jun at Belinda. Nangutang sila upang maipandagdag sa puhunan. Dahil sa kanilang utang ay naghuhulog sila ngP1,000 isang araw. Dahil dito ay napilitan si Jun na mangutang upang may panghulog sa iba niyang pinagkakautangan. Nabaon sila sa utang.

Tanong:

5. Tama o Mali ba ang naging reaksyon ni Belinda sa pagkawala ng kanyang pera? ________________________________________

Magbigay ng tatlong katangian na dapat taglayin ng sinoman sa panahon ng kagipitang naranasan ni Belinda

6. ________________________________________
7. ________________________________________
8. ________________________________________
9. ________________________________________

10. Tama o Mali ba ang naisip ng kanyang asawang si Jun na magnegosyo ng itlog at mantika? ______________________________

Magbigay ng apat na dahilan kung bakit bumagsak ang negosyo ni Jun

11. ______________________________
12. ______________________________
13. ______________________________
14. ______________________________

Magbigay ng apat na mga hakbang na dapat ay ginawa ni Jun upang maiwasan ang pagbagsak ng negosyo.

15. ______________________________
16. ______________________________
17. ______________________________

**# 3**

Dahil sa pagbagsak ng negosyo ay nag-usap-usap ang buong pamilya. Sila ay gumawa ng Planong Pinansyal upang Makita nila kung paano nagagastos ang pera. Nakita rin nila kung aling mga gastusin ang dapat bawasan o alisin.

Ipinagbili ng mag-asawa ang kanilang bahay at lupa. Bumili sila ng mas maliit na bahay at lupa at kanilang pinagpatuloy ang pagnenegosyo ng tindahan sa palengke. Ang kanilang gastusin ay sapat lamang sa tira sa kita nila matapos ang porsyentong nilalaan nila na pandagdag sa puhunan. Magkasama si Jun at Belinda na namamahala sa kanilang maliit na negosyo.

Magbigay ng tatlong hakbang kung paano nakabangon ang mag-asawang Jun at Belinda

18. ______________________________________________

19. ______________________________________________

20. ______________________________________________



## GABAY SA PAGWAWASTO:

### PANIMULANG PAGSUSULIT

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. b | 6. d | 11. c | 16. b |
| 2. c | 7. a | 12. d | 17. b |
| 3. a | 8. c | 13. a | 18. a |
| 4. d | 9. d | 14. a | 19. d |
| 5. c | 10. a | 15. a | 20. a |

## ARALIN 1 KALAYAAN SA KAKAPUSAN

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Ang mga kasagutan mo sa g mga katanungan at gawain ay iyong ipakita sa gurong tagapangasiwa

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Ang mga kasagutan mo sa g mga katanungan at gawain ay iyong ipakita sa gurong tagapangasiwa

**Gawain 3: Paglalapat**

Ang mga kasagutan mo sa g mga katanungan at gawain ay iyong ipakita sa gurong tagapangasiwa

## ARALIN 2 SAMA-SAMANG PAGKILOS PARA SA PAMBANSANG KAUNLARAN

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Ang mga kasagutan mo sa g mga katanungan at gawain ay iyong ipakita sa gurong tagapangasiwa

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Ang mga kasagutan mo sa g mga katanungan at gawain ay iyong ipakita sa gurong tagapangasiwa

**Gawain 3: Paglalapat**

Ang mga kasagutan mo sa g mga katanungan at gawain ay iyong ipakita sa gurong tagapangasiwa

**ARALIN 3 MGA KWENTO NG PAG-ASA**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

1. c
2. f
3. d
4. e
5. b
6. a

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Ang mga kasagutan mo sa g mga katanungan at gawain ay iyong ipakita sa gurong tagapangasiwa

**Gawain 3: Paglalapat**

Ang mga kasagutan mo sa g mga katanungan at gawain ay iyong ipakita sa gurong tagapangasiwa

**PANGHULING PAGSUSULIT**

1. Mali
2. Kulang sa pag-aaral sa negosyong pinasukan
3. Na-engganyo sa malaking tubo
4. Hindi pinag-aralan ang iba pang negosyo na maaaring pasukan
5. Mali
6. Huwag panghinaan ng loob
7. Magkaroon ng plano at stratehiya
8. Magtiwala sa sarili
9. Mali
10. Kulang sa pag-aaral sa negosyong pinasukan
11. Sobra ang gastos sa kita
12. Umutang pambayad sa utang
13. Hindi hiwalay ang pera sa negosyo sa perang panggastos
14. Pag-aaral sa negosyong papasukan
15. Huwag mangutang pambayad sa utang
16. Gumastos ng maliit kaysa sa kita
17. Magsubi ng ilang porsyento ng kita upang pandagdag sa puhunan at impok
18. Natuto sila sa kanilang pagkakamali
19. Nagtulungan silang mag-asawa
20. Gumawa sila ng Finacial Statement/Plan